

Alamin ang Iyong Mga Karapatan

Mga Proteksyon at Mapagkukunan para sa Mga Imigrante at Refugee



Nakatuon ang Pamahalaan ng Cook County sa paglilingkod sa lahat ng residente at manggagawa, anuman ang katayuan sa imigrasyon o pagkamamamayan. Bilang pangalawang pinakamalaking county sa United States, kung saan 21% ng mga residente ay ipinanganak sa ibang bansa, nagbibigay kami ng iba't ibang serbisyo at proteksyon para sa lahat ng imigrante sa buong county.

Sa Pamahalaan ng Cook County, may karapatan ka sa:

Legal na Representasyon Laban sa Deportasyon.

Ang Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol (Public Defender's Office) ng Cook County ay kumakatawan sa lahat ng imigrante, anuman ang katayuan, sa Chicago Immigration Court para ipagtanggol laban sa deportasyon.



Pagtatanggol ng Abogado nang Walang Bayad.

Maaaring tumawag sa Tanggapan ng Pampublikong Tagapagtanggol ng Cook County sa 844-877-4448 ang mga indibidwal na naaresto para mabigyan ng libreng legal na representasyon sa istasyon ng pulisya, na available 24/7 365 araw sa isang taon.



Libreng mga Serbisyo sa Legal na Tulong Para sa mga Isyu sa Pabahay at Utang.

Ang lahat ng imigrante, anuman ang katayuan, sa Cook County ay maaaring makakuha ng libreng legal na tulong kung nahaharap sila sa pagpapaalis, pagreremata, utang ng consumer, o mga isyu sa buwis.



Access sa mga Serbisyon Pangkalusugan ng Cook County.

Ang lahat ng mga imigrante, anuman ang katayuan, na naninirahan sa Cook County, edad 19-64, ay maaaring mag-apply para sa insurance sa kalusugan sa pamamagitan ng CareLink, isang libreng programa na tumutulong sa pagsaklaw sa mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan sa mga pasilidad ng Cook County Health.



Alamin ang Iyong Mga Karapatan

Mga Proteksyon at Mapagkukunan para sa Mga Imigrante at Refugee



Hotline ng Referral Para sa mga Mapagkukunan.

Tumawag sa 2-1-1 para sa mga mapagkukunan para makakuha ng pagkain, pabahay, at marami pa.



Proteksyon Laban sa Diskriminasyon.

Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan, maaari kang magsampa ng reklamo sa Komisyon sa Karapatang Pantao ng Cook County.

Ang lahat ng imigrante, anuman ang katayuan, ay protektado mula sa hindi patas na pagtrato sa trabaho o hindi pagkakaitan ng access sa pabahay batay sa katayuan ng pagkamamamayan, bansang pinagmulan, (mga) wika na kanilang sinasalita, o kanilang mga kultural na kasanayan/tradisyon.



MGA SERBISYO SA INTERPRETASYON AT PAGSASALIN NG COOK COUNTY

Kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika, maaari kang humiling ng tagasalin kapag bumisita ka sa mga tanggapan ng Cook County. Maaari ring hingin ang mga nakalimbag na materyales sa mga karagdagang wika, kabilang ang Espanyol, Polish, Arabic, Chinese, Urdu, at Tagalog.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan ng Cook County para sa mga imigrante, bisitahin ang aming Webpage ng mga Mapagkukunan ukol sa Imigrasyon.

